# INTRODUKSIYON

## DISTANSYA SA PANDEMYA, TULOY-TULOY NA PAGTATALÂ: ANG ENTRADA SA 2022, ANG 2022 SA ENTRADA

MJ Rafal

Ngayong taon, sa yugto ng 'bagong normal,' sa kabila ng mga pagkasanay natin sa face mask at wisik ng rubbing alcohol, higit nating nadama ang bagsik ng pandemya. Makalipas ang higit dalawang taon, ang akala nating lahat, tapos na ang ligalig at sakmal ng pandemya sa lahat ng aspekto ng pamumuhay natin—hindi pa pala.

Binigyang pagkakataon ng quarantine na ibabad ang marami sa atin sa kalinga ng Internet. Pinaikot ng dutdot sa cellphone at takatak sa keyboard ang mga bagay na dati ay isinasalalay natin sa aktuwalidad—pagpasok sa eskuwelahan, pagbili ng pagkain, pagbabayad ng mga bills at iba pa. Sa isang press material na inilabas ng UN noong 2021, ipinahayag nito ang agam-agam at babala sa maigting na pagsalalay natin sa Internet. Ayon sa kanila, "[...] surging Internet use has also been accompanied by a spike in data breaches. A lack of Internet accountability has made the Internet a vehicle for the spread of incendiary hate speech, violent extremism and misinformation on the pandemic" ("As Internet user numbers swell due to pandemic").

Naging behikulo ang Internet upang isulong ng marami ang kani-kanilang baluktot at maling agenda. Naging lunan ang ganitong pagiging dependyente sa Internet sa lalo pang pagkalat ng cybercrime. Hindi naman sa pinagdududahan natin ang halaga at tulong na naigagawad ng Internet sa ating mga buhay, ngunit, ang pormula ng bulagsak na paggamit sa Internet at sagpang ng pandemya, lockdown at quarantine ay nagreresulta sa hindi kaaya-ayang yugto ng kasalukuyan, na tagagos tiyak hanggang sa posteridad. Dagdag pa ng UN, "while the Internet had often become the only way to continue education or employment during COVID-19-related lockdowns,

cyberbullying and digital violence have made it a hostile space for many [...]" ("As Internet user numbers swell due to pandemic").

Sa kabila ng utilidad, ang ganitong habitasyon ng marami sa Internet sa panahon ng pandemya ang nagtulak sa mga gahaman at mapagsamantala na pasukin ang himaymay ng ating mga katwiran at desisyon. Binago nito maging ang "pulitikal na ayos ng mundo, pagsira sa mga imperyo, at paglikha ng mga bansa" (De' et al.). Bagamat matagal na rin naman na itong napatunayan sa daigdig ng TV, diyaryo at magasin, higit na up-to-date ang halina na naidadatal ng Internet. Isinisingit sa bawat maiikling-nakaaaliw na mga video ang patalastas hinggil sa ganito at ganyan, nakabalandra sa gilid-gilid ng mga binibisitang websites at applications ang mga paanyaya ng mga produkto at serbisyo. Wala tayong palag dahil kailangan nating aliwin ang ating mga sarili na pinakamadalas na nating natatagpuan na hinihigop ng parisukat na mga daigdig ng cellphone at laptop, lunod sa kalinga ng Internet; at sa saglit na singit at balandra, unti-unti nilang naisuksok sa mga eskinita at kanto ng ating mga utak ang kanilang mga balak. Ikinuwadro tayo sa algoritmo ng ating mga pinipili at sinasariling mga lugod at lumbay sa Internet, gamit ang kanilang mga nakaw na salapi at impluwensyang iminudmod sa kung sinumang makatutulong—troll army at vloggers—upang pabanguhin ang kanilang pangalan at hugasan ang kanilang duguang mga kamay.

Kaya nga't hindi na kagulat-gulat, kung tutuusin, ang resulta ng halalan nitong Mayo 2022. Naging sandata ng mga hunyango at buwaya ang Internet at social media upang itulak ang kanilang layon na muling makabalik sa trono. Kasabwat ang batalyon ng mga troll at bayarang vloggers, gayundin ang mga hindi katiwatiwalang mga survey at news outfit, naitulak ng kanilang pagbabaluktok at manipulasyon sa katotohanan ang intensyong muling lalangin sa Malakanyang ang naiwang legasiya ng patay nang diktador.

Sa ganitong konteksto, tuloy-tuloy na kinaharap ng mga malikhaing manunulat at mananaliksik ng panitikan ang hamon na inilalatag ng kasalukuyan. Sa pagbabalik sa nakamihasnan, nang may restriksyon ng 'bagong normal,' unti-unti na ring bumabaklas ang haraya ng manunulat at manaliksik mula sa talukbong ng face mask at samyo ng ethyl-isopropyl alcohol. Unti-unti sapagkat nariyan pa rin ang bayrus, bumabaklas pagkat kailangang italâ ang mas marami pang danas at pagsusuri.

Dito, sa kontekstong ito, inilalapag namin ang bagong bolyum ng Entrada ngayong taon.

*

Marahil, nagkaroon na ng kongkretong distansya at sapat na espasyo ang mga manlilikha ng sining. Bagamat tuloy-tuloy na itinatalâ ng mga manunulat ang danas sa pandemya nitong huling dalawang taon, may mga paksaing higit na kinikilingan, sabik na uwian o pinanggigigilang akdain ang mga manunulat. Ebidensya ito ng panunumbalik ng mga manunulat at mananaliksik sa kanilang mga huwisyo, sa kanilang mga adbokasiya, sa kanilang tinutudlang intensyon ng paghaharaya na kakabit ng pagkilatis sa kanilang karanasan at sa lipunan.

Pansinin, halimbawa, sa mga tula ni Dennis Andres S. Aguinaldo sa "1$^{sts}$ of May" ang baryasyon ng mga temang umiigpaw dito tulad ng separasyon, paggunita at paglimot, pagsasamantala, pagpipipi o kahit ang pagiging karaniwang granahe ng indibidwal sa absurdong mundong nilikha ng kapitalismo. Indikasyon ito ng malawak na pagtanaw ng makata sa salimuot ng mga pagdanas sa nakaraan at kasalukuyan, at ang pagsalikop at pagtunton nito sa iisang higit na dahilan ng mga lunggati. Nakadugtong ito sa matalas at matalinong proyekto ni Lawdenmarc Decamora sa kanyang koleksyon na "Four Poems" na umiinog sa pag-a-artikulasyon sa badya ng digmaan at ang iniiwan nitong bakas sa mga bansa at taong naging kalahok at biktima ng kapararakan nito. Tulad din ng mapaglarong uyam at panghihiram ni Jose Velando Ogatis-I kina Dylan Thomas at Walt Whitman sa kanyang mga tula sa "Do Not Go Gentle Into That WPS and Other Poems," mga baryasyon/inobasyon/konsumasyon ito ng mga naunang artikulasyon ngunit nakasitwasyon sa kasalukuyang balighong kalagayan ng Pilipinas sa relasyon nito sa higanteng neo-imperyalistang Tsina. Matining rin sa koleksyon ni Ogatis ang pagkiling sa naratibo ng maliliit at isinasantabi, na matingkad ding naitaludtod ni Mark Andy Pedere sa kanyang koleksyon na "Kaingin at Iba Pang Tula." Tiyak na karanasan sa pagsasamantala—pang-aagaw sa lupa—ang udyok ng mga talinghaga ni Pedere, gayundin, isinisiwalat ng makata ang tiyak na lunas upang wakasan ang ganitong pagsasamantala—walang iba kundi ang rebolusyon. At dito sasalungguhitan ni Lance Romulus S. Dayrit, sa kanyang mala-epikong tulang "Warrior Poet: Leandro Basilio, Son of Pampanga," ang katumpakan ng pagsisiwalat ni Pedere. Gamit ang kathang

tauhan, kinasangkapan ni Dayrit ang dialektikong katwiran ng kasaysayan upang itakda, sa kanyang tula, ang tagumpay ng maliliit at api sa darating na panahon.

Nagkakasundo naman sa paggatla ng pulitikal na mensahe ang maikling kuwentong “Si Tange” ni Soliman A. Santos at ang personal na sanaysay na “Sa Dulo ng Lubid: Paghila Sa Elepante, Kasama, at Dagat” ni Arnold Tristan L. Buenaflor. Sa paghango sa poklorikong karakter na si Juan Pusong, pinupuna ni Santos ang kultura ng Tokhang na pinasimulan ng populistang si Rodrigo Roa Duterte. Katuwa-tuwang katawa-tawa, kung tutuusin, ang pagsasangandaan/pagtatagpo ng kuwento ni Tange bilang isang ‘pusong’ sa kanilang baryo at ng mga de-susing mga pulis na sumisimbolo sa pasimuno ng Tokhang—na ipinoposturang isang lehitimong ‘pusong’ sang-ayon sa pagkilatis ng isang iskolar ng kasaysayan na si Vicente Villan. Subersiyon ng maliliit laban sa higanteng kapangyarihan ang pinamamayani’t ipinagpupunyagi ni Santos sa kanyang kuwento. Subersiyon din, sa sarili nitong paraan, ang maselan at matapang na pagbabahagi ng sariling karanasan ni Buenaflor sa kanyang sanaysay. Gumigitaw dito ang ideya na ‘ang personal ay pulitikal din.’ Maselan pagkat ginagalugad ni Buenaflor, gamit ang talinghaga ng ‘paghila,’ ang usapin ng depresyon sa panahon ng pandemya, at matapang dahil hinihila niya ito palapit sa mga panlipunan at ekonomikong usapin. Na hindi lamang nagmumula sa wala ang mga paghila, na ito ay nakadugtong at naka-ugat pa rin sa relasyon ng indibidwal sa kanyang lipunang kinabibilangan.

Maaaring kamot-ulo, kunot-noo nating tutunghayan ang artikulo/sanaysay ni Axle Christien Tugano na “Sa Repositoryo ng mga Kulturang Materyal: Personal na Talâ ng Paglalakbay Ukol sa mga Museo sa Ibayong Dagat ng Asya-Pasipiko at Europa,” ngunit ito talaga ang tiyak at kagyat na reaksyong maaaring mamayani sa pagbasa sa akda. Pananaliksik? Akademikong papel? Personal na sanaysay? Creative non-fiction? Binibigyang-mukha ng akda ang potensyal na pwede pang galugarin ng pagsasanaysay at ang relasyon/ugnay nito sa iba pang mga larangan, tulad halimbawa sa kaso ng akda ni Tugano—ang kasaysayan at museolohiya. Repleksibo bilang personal na sanaysay ang akda at masikap na pinagtatagpo ang sariling danas sa mga esensiyal na usapin patungkol sa lahi, lipunan, uri, kultura, kasaysayan, wika at identidad; masaklaw at komprehensibo naman bilang pananaliksik ang akda sa pamamaraan ng paglalatag ng mga detalye at paglikom ng mga tálang kultural at

pangkasaysayan kaugnay ng mga tinatalakay na museo. Sa ganitong mga pagtatangka sa pagpapagitaw ng/sa anyo at pagpapalalim ng nilalaman, higit nating makikita ang inihahaing mga posibilidad ng sanaysay bilang isang anyo at lunan ng pagdukal ng karanasan, at hindi na lamang ito magiging laspag na anyong pampanitikan dahil sa katangian nitong 'pinakagamitin' at 'mapagbigay' na genre.

Pinaiinog naman ni Roberto Ofanda Umil, sa kanyang pag-aaral na "Paggalugad sa Isinahol at Pagbawi ng Dangal: Ang Paglalakbay ng Personang 'Ako' ni Bayani S. Abadilla sa Sigliwa Kamao Ayon sa 'Ako' ni Alejandro G. Abadilla," ang panghalip na 'ako' upang usisain ang buhay, adbokasiya at paghihimagsik ni Ka Bay, at, bagamat hindi intensyonal, ang paghahambing ng 'ako' ng batang Abadilla sa 'ako' ng matanda, at tatay nito, na si AGA. Makabuluhan ang pagdalumat ni Umil sa mga 'ako' ni Ka Bay sa koleksyon nito ng mga tula na *Sigliwa Kamao* upang salungguhitan ang kongklusyong ang 'ako' ni Ka Bay ay hindi ang akong nagbubukal sa ubod ng sarili at ang paglulunoy nito sa luho ng personal at karinyo ng 'akin,' bagkus, ang 'ako' na ito ng makata ay ang 'masang Pinoy' na siyang simula at katapusan ng kanyang paglikha at pag-iral bilang isang tao.

Sa kanyang lekturang "Ang Paghahanap sa mga Putol-Putol na Naratibo, O Kung Bakit Mahalagang Buuin ang mga Mumunting Kasaysayan," isasara ni Jun Cruz Reyes ang bolyum na ito ng Entrada gamit ang paglalatag, pagbaybay, at pagtuhog sa kasaysayang pampanitikan ng PUP bilang bahagi ng pagtataguyod ng Panitikang Pambansa na nauna nang dinalumat ng Pambansang Alagad ng Sining para sa Panitikan na si Dr. Bienvenido Lumbera. Napapanahon at makabuluhan ang pagtalakay ni Reyes sa interaksyon ng panulat at panitikan sa namamayaning paglaganap ng fake news, disimpormasyon, at paglalabusaw sa kasaysayan. Ang pagdurugtong niya sa kasaysayan ng Pilipinas, at ang ugnayan nito sa produksyon ng kaalaman mula kina Rizal hanggang sa mga manunulat ng PUP, ay malinaw na akto ng pagtatalâ na nakasandig sa pagbubuo ng bayan. Binigkas ni Reyes ang lektura na ito noong Abril 2022, gamit ang Zoom Conferencing, isa sa mga bagong normal na plataporma ng pakikipagtalakayan sa Internet. Bahagi ang lektura na ito ng "SalikLinang: Mga Lektura sa Natatanging Manunulat ng PUP" na pinangunahan at inorganisa ng Center for Creative Writing. Ang ganitong mga kontemporanyong pakikipaghuntahan ni Reyes ay testamento ng hindi matutumbasang pagsubaybay at paggabay niya sa iniuusad ng panitikan at malikhaing pagsulat sa kasalukuyan,

patunay na hindi siya nabalaho sa kanyang sariling panahon ng pagkamanunulat at nag-ilusyon na ito ang pinakadakilang yugto ng pag-aakda. May pananalig si Reyes sa panulat at mga manunulat, lalo sa kabataan, dahil para sa kanya, may halaga ang panitikan at malikhaing akda "sapagkat ang pagsusulat ay pagtatalâ. Ang hindi natin makikita sa kasaysayan ay makikita natin sa mga isinulat ng ating mga manunulat" (Reyes 182).

*

Ngayong taon, at napasimulan na rin noong 2021, hinikayat namin ang mga nag-ambag ng mga malikhaing akda na lakipan ng 'poetika' ang kani-kanilang mga akdang isusumite.

Ano ang signipikanteng layon sa likod nito?

Sapagkat, sa kabila ng malinaw nang mga patunay na hindi lamang isang 'hobby' ang pagsusulat ng malikhaing akda, sa kabila ng mga programa at kurso kaugnay ng panitikan at malikhaing pagsulat, sa kabila ng pagkilala sa halaga ng 'creative industries,' marami pa ring mga atrasadong pag-iisip ang bumabansot sa mga malikhaing akda at itinuturing ito na mas maliit sa kani-kanilang larangan na pinagdadalubhasaan. Hindi naman na marahil kagulat-gulat ang ganitong pagtrato sa panitikan at malikhaing pagsulat, o sa humanidades sa kabuuan. Matagal na rin namang pinag-uusapan ng mga akademiko at intelektuwal ang tinatawag nilang 'death of humanities,'—ang humanidades bilang "dying area in desperate need of resuscitation" (Maxwell 78).

Kaya nga't itong pagtatakda ng Entrada na maglaan ng munting mga espasyo sa 'poetika' ng mga malikhaing akda ay pagkilala sa halaga ng panitikan at malikhaing pagsulat bilang isang seryosong larangan na kumakaakibat din sa iskolarling proseso ng paggawa at pananaliksik.

Hindi lang hinuhugot sa panaginip, o dinadampot sa imahinasyon, ang mga akdang sinisikap likhain ng mga makata at manunulat. Nakadugtong ito sa pang-araw-araw na buhay at ang pakikihamok dito, at, tulad halimbawa ng mga mason at karpintero, ng mga siyentista at inhinyero, mga guro at administrador, naglalaan ng hirap at pagod ang mga manunulat at makata upang iluwal ang kanilang mga akda. Nagsasaliksik sila, lumilikha. Sila

ay mga manggagawa rin kaya't kailangang tumbasan ang kanilang pagsisikap na mag-ambag sa paghubog ng isang lipunan, marapat silang gawaran ng karampatang respeto at pagkilala.

Sa ganitong paniniwala at kombiksyon, mababasa ang mga poetika sa dulo ng bawat akda, bilang suplementaryo at ayuda sa lalo pang pag-unawa ng mambabasa, gayundin ay upang maiwasan na rin marahil ang mga mag-aaral na laging nagtatanong kung "bakit at paano po ninyo naisulat ang inyong akda?"

Mula rito, nais naming magpasalamat sa lahat ng mga tumugon at nagpasa sa kasalukuyang bolyum ng Entrada, at sa lahat ng nagsikap na maitawid ito sa kabila ng maraming mga hamon at desisyon. Tulad ng mga naunang bolyum, mahigpit na tinatanganan ng kasalukuyang bolyum ng Entrada ang pagkilala sa mga malikhaing akda at mga pananaliksik na matining na nakaugnay sa mga mahahalagang isyu at usaping kailangang muli't muling pag-usapan, usisain at italâ.

Tuloy ang laban!

## MGA SANGGUNIAN

"As Internet user numbers swell due to pandemic, UN Forum discusses measures to improve safety of cyberspace - United Nations Sustainable Development." United Nation, 07 Dec. 2021 https://www.un.org/sustainabledevelopment/blog/2021/12/as-internet-user-numbers-swell-due-to-pandemic-un-forum-discusses-measures-to-improve-safety-of-cyberspace/ Accessed 18 Dec. 2022.

De', Rahul, et al. "Impact of digital surge during Covid-19 pandemic: A viewpoint on research and practice." *International Journal of Information Management*, vol. 55, Dec. 2020. Elsevier, https://doi.org/10.1016/j.ijinfomgt.2020.102171. Accessed 18 Dec. 2022

Maxwell, W. David. "A Methodological Hypothesis for the Plight of the Humanities." *AAUP Bulletin*, vol. 54, no. 1, 1968, pp. 78–84. JSTOR, https://doi.org/10.2307/40223631. Accessed 18 Dec. 2022.

Reyes, Jun Cruz. "Ang Paghahanap sa mga Putol-Putol na Naratibo, O Kung Bakit Mahalagang Buuin ang mga Mumunting Kasaysayan." *Entrada*, vol. 8, p. 169-182, Dec. 2022.